7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 1
Aralin
2

s

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino Baitang 7**
**Kuwarter 1: Aralin 2 (para sa Ikalawang Linggo)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa *pilot implementation* ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagapagbuo**

**Manunulat:**
- Rachel C. Payapaya (Philippine Normal University-Mindanao)

**Tagasuri:**
- Joel C. Malabanan, Ph.D. (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**FILIPINO/ BAITANG 7/ UNANG KUWARTER (ARALIN 1 para sa Unang Linggo)**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Katutubo (ANYONG PATULA) at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng biyograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda at *comic book* na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na pananagutan at kasanayan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nasusuri ang mga detalye ng teksto na may kritikal na pag-unawa (Karunungang-bayan)**<br>1. Natutukoy ang mahahalagang elemento ng teksto<br>2. Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga at larawang diwa/imahen sa teksto<br>3. Naiuugnay ang mahalagang kaisipan ng tula batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>4. Nasusuri ang mahahalagang pangyayari batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda<br>5. Nasusuri ang mga elementong panglinggwistika<br>6. Nasusuri ang kultural na elemento na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon |
| **D. Nilalaman** | • Karunungang Bayan (Bugtong, Tanaga, Sawikain, Salawikain, at Kasabihan) |
| **E. Integrasyon** | • Preserbasyon ng kultura |

## II. Batayang Sanggunian sa Pagkatuto


Añonuevo, Roberto T. (2008) Ang Pormula ng Tanaga at Dalit https://dakilapinoy.com/2008/08/17/ang-pormula-ng-tanaga-at-dalit/

Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 7* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.

Elipe, Shaira Joy (2020). Mga Karunungang Bayan. https://www.youtube.com/watch?v=658uiPBMe9o

Komisyon sa Wikang Filipino. (2021). Filipino at Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino. https://www.bsp.gov.ph/Media_And_Research/Public_Advisories/Paliwanag-sa-Tema-ng-Buwan-ng-Wika.pdf


Panitikang Pilipino: *Filipino Modyul para sa Mag-aaral 7*.

Santiago, L. (2007). *Mga Panitikan ng Pilipinas*. C & E Publishing Inc. Quezon City.

Salazar, Z. A. (2004). *Kasaysayan ng Kapilipinuhan*. https://bangkanixiao.files.wordpress.com/2012/09/zeus-salazar-kasaysayan-ng- kapilipinuhan.pdf

Tandang, Dian. https://www.academia.edu/40115940/FILIPINO_Baitang_8_Yunit_1_Mga_Karunungang_bayan

Villanueva, V. M. (2018). *#ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino)*. VMV Publishing House. Makati: Bangkal


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **1. Maikling Balik-aral**<br><br>**BIGYANG-LINAW:** Pumili ng isang pahayag sa *speech balloon* at ipaliwanag ito.<br><br> | **Unang Araw**<br><br>Ang halimbawang gawain ay maaaring gawing gabay para lubos na maunawaan ang mga paksa. Maaari rin itong pagpilian at imodipika. |

*Itanong:* 1. Sino ang nagsasalita sa mga pahayag?
2. Sa paanong paraan naisulat ang mga pahayag?
3. Anong mga salita ang ginamit sa pagpapahayag ng mensahe/ideya?

**SANG-AYON o HINDI:** Basahin ang mga pangungusap. Iguhit ang ☺ ☹ masayang mukha kung sumasang-ayon at malungkot na mukha naman kung hindi sumasang-ayon tungkol sa karunungang-bayan.

_______1. Tinatawag na sinaunang panitikan ang karunungang bayan.

_______2. Ang salawikain, sawikain, bugtong at kasabihan ang mga halimbawa ng karunungang-bayan.

_______3. Ang karunungang bayan ay nagpapahayag ng mga kaisipan at paniniwala na nakabatay sa mga karanasan ng mga tao na may iisang kultura.

_______4. Upang mailahad ang kaisipan, ang karunungang bayan ay gumagamit ng mga matatalinghagang salita.

_______ 5. Nagsisilbing payo ang mga karunungang- bayan dahil hango ito sa karanasan ng mga matatanda.

_______ 6. Tungkol sa kagandahang-asal at mga paalala ang kadalasang laman ng karunungan-bayan.

_______ 7. Ang ipinahahayag ng karunungang-bayan ay maaaring pasalita o pasulat.

_______ 8. Ang karunungang bayan ay bahagi ng panitikan ng bayan nagsisilbing daan upang maipahayag ang kaisipan ng partikular o lugar.

_______ 9. Pumapatungkol ang karunungang bayan sa mga bagay na matatagpuan sa paligid o karanasan sa isang pangkat o lugar.

_______10. Kung minsan, ang paksa ng mga salawikain, sawikain, bugtong o kaisipan ay mula sa karanasan o paghahanap buhay.


*Sagot:*

☺ 1-10

<table>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>

**1. Panghikayat na Gawain**

**TUKOY-HULA:** Tukuyin kung ano ang nasa larawan at isulat ang sagot sa loob ng kahon. Pagkatapos ay hulaan ang mga bugtong.





*Bugtong:*

______ 1. Bumili ako ng alipin, mataas pa sa akin.<br>
______ 2. Pinihit ko si kaibigan, bumukas ang daanan.<br>
______ 3. Buto't balat na malapad, kay galing kung lumipad.<br>
______ 4. May hita ay walang binti, may ngipin ay walang labi.<br>
______ 5. Isda ko sa Maribeles, nasa loob ang kaliskis.

**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

Para sa ikalawang linggo ay tutukuyin at susuriin ang mga karunungang bayan na tumutukoy sa mga tradisyon at kultura na ipinamamana ng mga katutubong Pilipino. Kahit nasa modernong panahon na tayo, hindi nawawala ang mga karunungang-bayan na nakasandig sa ating kultura at tradisyon. Ito ay isang mahalagang bahagi sa pangangalaga at pagpapalaganap ng kulturang Pilipino.

**HANAP-INFO:** Magbigay ng kaugnay ng impormasyon sa salitang nasa loob ng bilog.





Ang karunungang-bayan ay bahagi ng panitikang bayan na nagsisilbing daan upang maipahayag ang mga kaisipan o mensahe ng isang panagkat. Kapansin- pansin ang paggamit ng talinghaga sa paglinang ng kaisipan.

</td>
<td>


*Sagot sa bugtong:*<br>
1. sombrero<br>
2. susi<br>
3. saranggola<br>
4. kudkuran<br>
5. sili


Ipabasa ang nakalap na mga sagot.

</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**TUKOY-SAGOT:** Tukuyin ang tamang sagot gamit ang *clue* na dalawang letra.<br><br>1. Anong **SA-** ang binubuo ng matatalinghagang pahayag na ginagamit upang mangaral at akayin ang kabataan tungo sa mabuting-asal?<br><br>2. Anong **BU-** ang uri ng laro na nagpapatalas ng isip ng ating mga ninuno noon?<br><br>3. Anong **TA-** ay tumutukoy sa malalim na paglalatag ng kaisipan?<br><br>4. Anong **SA-** ang may katumbas na pangalang *idiom* sa Ingles na di tuwirang naglalarawan sa bagay, sitwasyon o pangyayari? | *Sagot:*<br>1. salawikain<br>2. bugtong<br>3. talinghaga<br>4. sawikain |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Mga Karunungang-Bayan**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**PANGKATANG-GAWAIN 1:** Hatiin ang klase sa lima upang magsaliksik at magbasa tungkol sa mga karunungang bayan. Alamin din ang kahulugan ng bawat uri. Ilahad sa klase ang nakalap na mga sagot.<br><br><br><br>Itanong:<br>1. Tungkol saan ang karunungang-bayang nabasa?<br>2. Kanino madalas marinig o mapakinggan ang mga nabasang karunungang- bayan?<br>3. Sa iyong palagay, bakit kaya lagi nila itong sinasabi sa atin?<br>4. Paano nakatulong sa ating pang-araw- araw na buhay ang mga pangaral na ito?<br>5. Iugnay ito sa sariling pananaw, moral at karanasan.<br><br>**HAMBING-URI:** Gamit ang *Venn* na dayagram, paghambingin ang mga karunungang- | **Ikalawang Araw**<br><br>Maaaring pagpipilian at iangkop sa konteksto ang mga gawaing inihanda.<br><br>Ang <u>bugtong</u> ay uri ng larong nagpapatalas ng isip ng ating mga ninuno noon. |


bayan.




2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**BASA-TULA:** Sabay-sabay na basahin ang akda. Isaisip ang mga pamatnubay na tanong upang lubos na maunawaan ito.




| **Karunungan ng Buhay** | |
|---|---|
| Sa buhay ng tao ay may mga karanasan<br>Na kailangang iwasan at dapat ayusin<br>Tamang tandaan at sa tuwina'y pakaisipin<br>Mahalagang ingatan tulad ng kayamanan | |
| Iwasan nang hindi maging anak-dalita: | Pag nagtanim ng hangin, bagyo ang aanihin |
| | Ubos-ubos na biyaya, bukas nakatunganga |
| | Ang lumalakad nang matulin, kung matinik ay malalim. |

Ang tanaga ay binubuo ng apat na taludtod na may 7-7-7-7 na sukat.

Ang sawikain ay nagpapahayag ng isang katotohanan o ideya n a mas maiksi at simple

Anga salawikain ay mga patulang pahayag na hitik sa mga aral.

Depende sa aklat na sanggunian, may mga pagkakataong ang sawikain at salawikain ay pareho lamang.

Ipabasa muna ang mga pamatnubay na tanong bago ang tula.

| | |
|---|---|
| Gawin upang tumanaw ng utang na loob: | Ang hindi lumingon sa pinanggalingan ay hindi makarating sa paroroonan. |
| Pakaisipin upang maging malawak ang isip: | Sa anumang lalakarin, makapito munang isipin |
| | Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa |
| Tandaan upang maging buo ang loob: | Kung hindi ukol, hindi bubukol |
| | Kung ano ang bukambibig, siyang laman ng dibdib. |
| Ingatan upang hindi maging pasang-krus: | Anak na di paluhain, ina ang patatangisin |
| | Ang kalusugan ay kayamanan. |
| Tularan nang maging matalas ang isip: | Daig ng maagap ang masipag |
| | Lakas ng katawan daig ng paraan. |
| Nabanggit ni Lolo mga karunungan sa buhay<br>Na maaaring maging gabay sa aking palagay<br>Ito ang mg abagay na dapat mong isabuhay<br>Nang maging huwaran ng mahal sa buhay. | |

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**PANGKATANG-GAWAIN 2:** Sa parehong pangkat, suriin ang mga karunungang bayan sa tula.

| Karunungang-Bayan | ELEMENTO | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Persona | Sukat at Tugma | Talinghaga | Estilo (kaisipan/mensahe) |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

**Ikatlong Araw**

Ang persona ay tumutukoy sa nagsasalita o bumibigkas sa tula- una, ikalawa o ikatlong panauhan.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |

**TUKOY-KAHULUGAN:** Bigyang kahulugan ang mga karunungang-bayan pagkatapos ay isulat ang kasalungat nito.

| Karunungang-Bayan | Kaisipan/Kahulugan | Kasalungat |
|---|---|---|
| 1. Ang taong walang kibo, nasa loob ang kulo. | | |
| 2. Tulak ng bibig, kabig ng dibdib. | | |
| 3. Kung may dilim, may liwanag | | |
| 4. Sakit sa kalingkingan, dama ng buong katawan | | |
| 5. Itaga sa bato. | | |

Itanong:

Paano natukoy ang kaisipan/kahulugan ng mga karunungang-bayan?
Ano ang mga kultural na elemento na nakapaloob?

**TUKOY-ELEMENTO:** Basahin at unawain ang mga pahayag. Tukuyin ang kultural na elemento at iugnay sa karanansan.

| Karunungang-Bayan | Kultural na Elemento (Kahulugan) | Aking Karanasan |
|---|---|---|
| 1. Ningas-kugon | | |
| 2. Utos sa pusa, utos pa sa daga. | | |

Sukat ay tumutukoy sa bilang ng pantig sa bawat taludtod.

Tugma ay kung magkatunog ang huling pantig ng mga salita.

Talinghaga ay malalalim na paglalatag ng kaisipan.

Estilo ay tumutukoy sa pagkakabuo at pagkakasulat ng tula.



| | | |
|---|---|---|
| 3. Ang sakit kapag naagapan ay nalulunasan | | |
| 4. Luha ng buwaya | | |
| 5. Ang bayaning nasusugatan, nag-iibayo ang tapang. | | |

Itanong:

1. Kanino madalas marinig o mapakinggan ang mga napakinggan/nabasang karunungang-bayan?
2. Sa iyong palagay, bakit mahalagang ipagpatuloy ang pag-aaral, pakikinig o pagbabasa sa mga karunungang bayan?
3. Paano nakatutulong sa ating pang-araw-araw na buhay ang mga pangaral na ito?
4. Paano natin mapreserba ang mga karunungang-bayan sa kasalukuyan?


**SULAT-TULA:** Gamit ang mga larawan, sikaping makabuo ng mga bagong karunungang bayan.

1.




https://www.vecteezy.com/free-vector/family-praying

2.



https://www.pinterest.ph/pin/596375175648279460/

3.



https://www.philflower.com/a-basket-full-of-fresh-fruits.html

**Pagkilala sa Tanaga**

Ayon sa makatang si Roberto Anonuevo (2008), ang Tanaga ay katutubong tula na naunang nabanggit sa *Vocabulario de la lengua Tagala* na nalathala noong1860 nina Juan de Noceda at Pedro Sanlucar. Binubuo ang Tanaga ng apat na saknong na may tigpipitong pantig. Maaaring magkakatugma lahat ang huling salita ng Tanaga o dalawang salita lamang ang magkatugma.

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, muli itong binuhay ng mga makatang sina Teodoro Agoncillo, Ildefonso Santos at Alejandro G. Abadilla. Noong 2003 ay nagkaroon ng Textanaga Contest na inisponsor ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) at noong 2020 ay sinumulan ng Komisyon sa Wikang Filipino ang TulaTayo, na paligsahan din sa pagsulat ng Tanaga.

Narito ang ilang halimbawa ng Tanaga:

Lupit ng Covid

Rubrik sa Pagmamamarka sa Tanaga:

Pagkamalikhain 40%
Kaangkupan sa Paksa 40%
Mahusay na Tugmaan 20%

Kabuoan 100%

Nahinto ang daigdig
Sa hagupit ng Covid
Libong buhay, nalupig
Abong sa urn, nasilid!
- JC Malabanan

Karagatan

Karagata'y inagaw
Soberanya'y nalusaw
Huwag sanang bumitaw
Nang pag-asa'y matanaw!
-JC Malabanan

Para sa mga kabataang mahilig magsulat, magandang libangan ang paglikha ng Tanaga sapagkat nasusukat nito ang kritikal na pag-iisip at pagkamalikhain ng sinumang nagnanais magsulat.

Bumuo ng sariling Tanaga na pumapaksa sa kahalagahan ng edukasyon.

**D. Paglalahat**

**1. Pabaong Pagkatuto**

**Gawing gabay ang konsepto sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.**

**GAMIT-LINK:** Punan ang talahanayan ng mga hinihingi sa bawat bahagi kaugnay ng inyong kaalaman sa aralin sa karunungang-bayan.

| **L**<br>**LIST**<br>Itala ang mga nalalaman tungkol sa karunungang-bayan. | **I**<br>**INQUIRE**<br>Isang tanong na nais na malaman tungkol sa mga karunungang-bayan. | **N**<br>**NOTE**<br>Komopya ng mahalagang impormasyon hinggil sa karunungang-bayan | **K**<br>**KNOW**<br>Nais pang malaman hinggil sa mga karunungang-bayan. |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |

**BINTANA-UNAWA:** Ilahad ang natutunan mula sa talakayan.

| **Uri** | **Elemento** |
|---|---|
| **Karunungang Bayan** | |
| **Pahiwatig/Simbolo** | **Kahalagahan** |

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**GABAY-NILAY:** Dugtungan ang mga pahayag batay sa iyong karanasan.

Sa linggong ito:

- Nalaman kong ________________________________________.
- Naranasan kong ______________________________________.
- Naramdaman kong _____________________________________.
- Para sa akin, mapahalagahan at mapreserba ang mga karunungang-bayan sa pamamagitan ng ____________.
- Bilang mag-aaral________________________.

**E. Pagtataya**

**Panuto**: Isulat ang TAMA kung wasto ang pahayag at MALI kung hindi wasto ang pahayag tungkol sa KARUNUNGANG BAYAN. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Tinatawag na katutubong panitikan ang karunungang bayan.
2. Ang salawikain, sawikain, bugtong at kasabihan ang mga halimbawa ng awiting- bayan.

3. Nagpapahayag ng mga kaisipan at paniniwala at nakabatay sa mga karanasan ng mga tao na may iisang kultura.

4. Upang mailahad ang kaisipan gumagamit ng mga magagalang na salita ang karunungang- bayan.
5. Nagsisilbing payo ang mga karunungang- bayan dahil hango ito sa karanasan ng mga matatanda.
6. Tungkol sa kagandahang-asal at mga paalala ang kadalasang laman ng karunungan-bayan.
7. Ang ipinahahahayag ng karunungang-bayan ay maaaring pasalita lamang.
8. Ang karunungang bayan ay bahagi ng panitikan ng bayan nagsisilbing daan upang maipahayag ang kaisipan ng partikular o lugar.
9. Ang karunungang bayan ay pumapatungkol sa mga pinagmulan ng bagay na matatagpuan sa paligid o karanasan sa isang pangkat o lugar.
10. Kung minsan, ang paksa ng mga salawikain, sawikain, bugtong o kaisipan ay mula sa karanasan o paghahanap buhay.

**SUSI SA PAGWAWASTO**

1. TAMA
2. MALI
3. TAMA
4. MALI
5. TAMA
6. TAMA
7. MALI
8. TAMA
9. MALI
10. TAMA

**F. Pagbuo ng Anotasyon**

| Itala ang Naobserbahan | Epektibong Pamamaraan | Problemang Naranasan |
|---|---|---|
| Estratehiya | | |
| Kagamitan | | |
| Pakikilahok | | |
| Iba pa. | | |

| | | |
|---|---|---|
| **G. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |



| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** RACHEL C. PAYAPAYA | ***Sinuri ni:*** JOEL C. MALABANAN, PhD |
| ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Mindanao | ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila |